

PATNUBAY SA BY-LAW NG SINGLE-USE ITEM

HULYO 2021



[VANCOUVER.CA/REDUCE-SINGLE-USE](https://vancouver.ca/reduce-single-use)

MGA NILALAMAN

Pagbabawas sa Mga Minsanang-Gamit na Item sa Panahon ng COVID-19.....	3
Mga By-Law sa isang Sulyap	4
Aling Mga By-Law ang Mailalapat sa Inyong Organisasyon.....	5
By-Law para sa Styro	6
By-Law para sa Plastic Straw	8
By-Law para sa Kubyertos	12
By-Law para sa Cup	14
By-Law para sa Shopping Bag.....	18
Mako-Compost at Degradable na Mga Plastic	22
Mga Minumungkahing Alternatibo	23
Pagpapatupad	26
Pederal na Regulasyon ng Mga Minsanang-Gamit na Item	27

MGA TOOLKIT

May mga toolkit na may pang-edukasyong materyales na magagamit para tulungan ang mga negosyo, kawanggawa, at mga not-for-profit para ikomunika ang mga pagbabago sa by-law na ito sa mga kawani at mga customer.

I-download o orderin ang inyong toolkit sa vancouver.ca/reduce-single-use. Ang order ay matatanggap sa [inyong mail](mailto:info@vancouver.ca).

Kasama ng mga toolkit ang:

- Mga till topper tent card (para sa point of sale)
- Mga poster
- Mga digital file para sa mga checkout stand at menu screen
- Menu icon at mga sticker sheet para sa mga flexible plastic straw (para sa accessibility)
- Mga sample na flexible plastic straw na indibidwal na nakabalot ng papel (para sa accessibility)
- Mga FAQ

Makukuha ang mga toolkit sa anim na wika:

- Ingles
- Tradisyonal na Tsino
- Pinasimpleng Tsino
- Punjabi
- Vietnamese
- Filipino (Tagalog)

PAGBABAWAS NG MGA MINSANANG-GAMIT NA ITEM SA PANAHON NG COVID-19

ANG PANGUNGUNA SA PAGPAPANATILI AT PAGBABAWAS NG BASURA AY BAHAGI PA RIN NG DNA NG VANCOUVER.

Ang Lungsod ay nananatiling ganap na naninindigan sa pagbabawas ng basura at kalat mula sa minsanang-gamit na item at sa pagbabagong anyo ng Vancouver sa isang zero waste na komunidad sa pagsapit ng 2040.

Habang gumagawa kami ng mga hakbang upang mabawasan ang basura mula sa mga minsanang-gamit na item sa panahon ng COVID-19, nagtrabaho kami upang matiyak na ang lahat ng aming mga by-law ay umaayon sa pinakabagong mga alituntunin sa kalusugan ng publiko at protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente, negosyo at kanilang kawani.

Para sa mga pinakabagong pangangailangan sa kalusugan sa panahon ng COVID-19, mangyaring pumunta sa:


- Web page ng Provincial Health Officer para sa mga kautusan, abiso at patnubay.
- British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC) kabilang ang web page ng food business.
- Web page para sa pangkapaligirang kalusugan at mga inspeksiyon ng Vancouver Coastal Health.
- Work Safe BC.

Pagpapatupad sa panahon ng COVID-19: Dahil sa mga nakakahinang sirkumstansiya na dala ng COVID-19, inuuna ng mga kawani ng Lungsod ang pakikipag-ugnay at edukasyon upang matiyak na ang mga negosyo ay may suportang kailangan nila upang sumunod sa mga by-law para sa mga minsanang-gamit na item. Ang pagpapatupad ay ilalaan sa mga kasong sinadya at mapanganib na hindi pagsunod ng mga by-law, makalipas na magawa ang lahat ng pagsusumikap sa pakikipag-ugnay at edukasyon. Para sa higit pang impormasyon sa pagpapatupad, pumunta sa **PAHINA 26**.

Kinakatawan ng mga minsanang-gamit na item ang pagiging maaksaya ng ating modernong lipunan na tapon lang ng tapon.

Ang Istratehiya ng Lungsod sa Pagbabawas ng Mga Minsanang-Gamit na Item ay nakatuon sa pagbabawas sa mga minsanang-gamit na item na gawa mula sa lahat ng klase ng materyales, hindi lang mga plastic. Alam namin na ang lahat ng materyales ay may epekto sa kapaligiran, lipunan o mapagkukunan, kaya inuuna namin ang “Iwasan, Bawasan at Muling Gamitin”. **Alam namin na hindi sa pagresiklo lamang ang daan patungo sa zero waste.**

ZERO WASTE NA PAMAMARAAN PARA SA VANCOUVER



MGA BY-LAW SA ISANG SULYAP



Mga Styro Cup at Styro na Take-Out Container

Epktibo ng Enero 1, 2020 » Pumunta sa pahina 6

- Pagbabawal ng mga styro cup at styro na foam take-out container.



Mga Plastic Straw

Epktibo ng Abril 22, 2020 » Pumunta sa pahina 8

- Mga flexible na plastic straw na indibiduwal na nakabalot ng papel, ay dapat i-stock ng mga nagtitinda ng pagkain at ilaan sa mga kostumer kapag hiniling (requirement ng accessibility).
- Pagbabawal sa lahat ng mga ibang plastic straw, kabilang ang: plastic na gawa mula sa fossil fuel na produkto; at plastic na naka-label o inilarawan bilang mako-compost, nade-degrade o gawa mula sa mga halaman o ibang biyolohikal na materyales na tulad ng mais, patatas, tubo, atbp.



Mga Kubyertos

Epktibo ng Abril 22, 2020 » Pumunta sa pahina 12

- Ang mga minsanang-gamit na kubyertos ay mailalaan lang kapag hiniling
- Pinahihintulutan ang mga self-serve station.
- Sinasaklawan ng by-law na ito ang mga minsanang-gamit na kutsara, kutsilyo, tinidor at chopsticks ng lahat ng klase ng materyales.



Mga Cup

Epktibo ng Enero 1, 2022 » Pumunta sa pahina 14

- Dapat sumingil ng pinakamababang bayad na \$0.25 para sa bawat minsanang-gamit na cup para sa inuming pinamahagi.
- Ang mga nagtitinda ng pagkain ay dapat mag-ulat sa Lungsod ng dami ng minsanang-gamit na cups na pinamahagi sa nakaraang 12 buwan sa bawat lokasyong may lisensiya sa pagnegosyo.
- Ang inaatas sa pag-ulat ng cup ay ipinaubaya sa bawat lokasyon ng negosyo na lumalahok sa reusable cup-share na programa.



Mga Shopping Bag

Epktibo ng Enero 1, 2022 » Pumunta sa pahina 18

Mga Plastic na Shopping Bag

- Pagbabawal sa mga plastic na shopping bag, kabilang ang: plastic na gawa mula sa fossil fuel na produkto; at plastic na naka-label o inilarawan bilang mako-compost, nade-degrade o gawa mula sa mga halaman o ibang biyolohikal na materyales.

Mga Papel na Shopping Bag

- Ang pinakamababang bayarin na \$0.15 ay dapat singilin sa bawat papel na bag na pinamahagi, ang pinakamababang bayarin ay tataas sa \$0.25 sa 2023.
- Ang mga papel na shopping bag ay dapat maglamang ng hindi bababa sa 40% naresiklong nilalaman, at ma-label na "recyclable" at "made of 40% recycled content."
- Kung hiniling ng Lungsod, ang mga may hawak ng lisensiya sa negosyo ay dapat mag-ulat ng bilang ng mga papel na shopping bag na pinamahagi sa nakaraang 12 buwan.

Mga Reusable na Shopping Bag

- Ang pinakamababang bayarin ng \$1 ay dapat singilin sa bawatbagong muling magagamit na bag na pinamahagi, ang pinakamababang bayarin ay tataas sa \$2 sa 2023.
- Ang mga bagong muling magagamit na shopping bag ay dapat idisenyo at ma-manufacture na kaya ang hindi bababa sa 100 paggamit, at pangunahing gawa sa tela.
- Kung hiniling ng Lungsod, ang mga may hawak ng lisensiya sa negosyo ay dapat mag-ulat ng bilang ng mga bagong muling magagamit na shopping bag na pinamahagi sa nakaraang 12 buwan.

COVID-19: Sa ilalim ng mga patnubay ng BC Centre for Disease Control, ang mga nagtitinda ay maaaring maglaan ng mga muling magagamit na cup at tanggapin ang mga muling magagamit na cup ng mga customer at mga muling magagamit na shopping bag sa panahon ng COVID-19 pandemic.

ALING MGA BY-LAW ANG MAILALAPAT SA INYONG ORGANISASYON

MGA SHOPPING BAG

Lahat ng mga negosyo, kawanggawa at mga not-for-profit na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver ay inaatasang sumunod sa by-law ng shopping, kabilang ang:

- Mga nagtitinda ng pagkain (tingnan ang listahan sa ibaba)
- Mga retailer
- Mga tindahan ng segunda-mano
- Mga nagtitinda sa kalye
- Mga nagtitinda sa mga festival, espesyal na kaganapan at palengke

STYRO, MGA STRAW, MGA KUBYERTOS, MGA CUP AT MGA SHOPPING BAG

Lahat ng mga nagtitinda ng pagkain na may lisensiyang magnegosyo sa Vancouver ay dapat sumunod sa mga by-law para sa styro, mga plastic straw, kubyertos, cup at mga shopping bag. Ang mga nagtitinda ng pagkain ay mga negosyo, kawanggawa at mga not-for-profit na nagtitinda ng hinandang pagkain¹ o nagbibigay ng mga kawanggawang serbisyo sa pagkain.²

- Mga arena
- Mga bakery
- Mga bar, lounge
- Mga bed and breakfast
- Mga brewery
- Mga kapihan at tea shop
- Mga caterer
- Mga sentro ng komunidad
- Mga concession
- Mga convenience store
- Mga deli
- Mga botika
- Mga food court
- Mga serbisyong nagdedeliver (na nagtitinda ng pagkain)
- Mga manufacturer ng pagkain
- Mga retailer ng pagkain
- Mga food truck
- Mga nagtitinda ng pagkain sa mga festival at mga event
- Mga wholesaler ng pagkain
- Mga tindahan ng grocery
- Mga hall
- Mga limitadong serbisyong establisimiyento ng pagkain
- Mga establisimiyento ng alak
- Mga pribadong paaralan
- Mga outlet ng palengke
- Mga not-for-profit na korporasyon
- Mga nakarehistrong kawanggawa
- Mga restaurant
- Mga nagtitinda ng pagkain sa kalye
- Mga teatro
- Mga venue

MGA EXEMPTION

Ang mga partikular na exemption sa bawat by-law ay inilalarawan sa buong patnubay na ito.

Kung hindi ka sigurado kung anong mga by-law ang ilalapat sa organisasyon mo, pumunta sa vancouver.ca/reduce-single-use o kontakin ang aming project team sa reducesingleuse@vancouver.ca

¹ Pagkaing nilalayong kainin nang hindi na kailangan pang iluto.

² Ang depinisyon ng mga serbisyong pagkaing kawanggawa ay serbisyong nagbibigay ng pagkain nang libre o ibinebenta sa murang halaga ang pagkain at ang organisasyon ay na-incorporate at mabuti ang katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng federal Income Tax Act.



BY-LAW PARA SA STYRO

EPEKTIBO NG ENERO 1, 2020

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

- Lahat ng mga nagtitinda ng pagkain ay pinagbabawal sa paghahain ng hinandang pagkain sa puti at de-kolor na polystyrene styro cups at styro na take-out container.
- Kasama sa pagbabawal ang mga cup, plato, mangkok, tray, karton at hinged (“clamshell”) o may takip na mga lalagyan.
- Ang pagbabawal ay para sa mga styro na cup at lalagyang ginagamit para sa pagkain na:
 - Kinain sa lugar na pinagbilhan
 - Hinain bilang take-out o delivery
 - Pinakete bilang leftover.

Alam Mo Ba?

- 78% ng mga Vancouverite ay sumusuporta sa pagbabawal sa styro. Malamang ay pati na rin ang inyong mga customer.
- Sa palagay ng 84% ng mga Vancouverite, ang mga fast-food restaurant at kapihan ay dapat magbigay ng muling magagamit na dishware na kakainan.
- Tanging 6% ng mga residente ng Vancouver ay nag-ulat na nagdadala sila ng styro sa depot ng pagreresiklo.
- Ang karamihan ng mga styro cup at styro na take-out container ay pinadadala sa landfill o incinerator.
- Ang styro ay ang ika-11 sa pinakakaraniwang klase ng kalat na nakikita sa mga baybayin ng Canada noong 2019 ayon sa Great Canadian Shoreline Cleanup.

PAGKAKATAON MO NA: SUMUNOD SA BY-LAW

Maghanap ng mga alternatibo sa styro: Ang talahanayan sa likod ng patnubay na ito ay may kasamang minumungkahing alternatibo sa styro. Para sa kumpleto at up-to-date na listahan, pumunta sa vancouver.ca/foam

Kausapin ang inyong supplier: Inabisuhan ang mga supplier ng pagbabawal at matutulungan kayong makahanap ng abot-kaya, muling magagamit, mareresiklo at mako-compost na alternatibo.

I-donate o ibenta ang lahat ng natitirang mga styro cup at styro na foam take-out container: Ang anumang natitirang styro ay dapat ibenta sa mga negosyo sa labas ng Vancouver o i-donate sa mga serbisyong pagkaing kawanggawa (kung tumatanggap sila ng mga styro cup o styro container).

I-sanitize ang mga muling magagamit na pinggan: Sundin ang inyong plano sa kaligtasan ng pagkain at sanitasyon na inaprubahan ng Vancouver Coastal Health para linisin at i-sanitize ang mga muli mong magagamit na pinggan.

Mga Exemption

1. Mga ospital at community care na pasilidad

Ang pagbabawal sa styro ay hindi mailalapat sa serbisyo ng pagkain para sa mga pasyente sa mga ospital o residente ng mga community care na pasilidad.

Mahalaga: Ang pagbabawal sa styro **ay** hindi para sa mga nagtitinda ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na ang lugar ay nasa mga ospital o pasilidad para sa community care (halimbawa: mga cafeteria, kapihan) na naghahain ng hinandang pagkain sa mga customer.

Mga kawanggawang serbisyo ng pagkain (isang-taong exemption)

Ine-exempt ng by-law ang mga kawanggawang serbisyo ng pagkain³ mula sa pagbabawal sa mga styro cup at styro na take-out container hanggang Enero 1, 2021. Subalit, dahil sa mga nakakahinang sirkumstansiya ng COVID-19, ang Lungsod ay gumagamit ng diskresyon kung kailan at saan ipatutupad ang mga by-law ng Vancouver para bawalan ang mga minsanang-gamit na mga item. Sa loob ng diskresyong ito, ang mga serbisyong pagkain na kawanggawa ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga minsanang-gamit na item na may pagkain sa panahon ng COVID-19. Inaasahang magsimulang magtrabaho ang mga serbisyong pagkain na kawanggawa patungo sa pagsunod sa mga by-law sa sandaling maging posible ito sa kanila (alinman sa kasalukuyang panahon o pakalipas ng COVID-19).

2. Mga styro tray na ginamit para ipakete ang hindi lutong pagkain

Ang pagbabawal sa styro ay hindi para sa mga styro tray na ginamit para sa hindi lutong karne, poultry, seafood, itlog, o gulay na kailangan ng higit pang paghahanda bago ito kainin.

3. Mga pagkaing pinakete sa labas ng Vancouver

Ang pagbabawal sa styro ay hindi para sa mga hinandang pagkain na pinakete at sinelyuhan sa labas ng Vancouver sa mga styro cup at styro take-out container.

4. Pagbebenta ng mga pakete ng mga styro cup at styro container

Pinahihintulutan pa rin ang mga retailer na magbenta ng mga pakete ng maramihang styro cup o styro container para sa personal na paggamit.

Basahin ang buong by-law sa vancouver.ca/reduce-single-use

By-law Num. 12416 By-law para amyendahan ang Lisensiya By-law Num. 4450 tungkol sa polystyrene foam
By-law Num. 12604 By-law para amyendahan ang Lisensiya By-law Num. 4450 tungkol sa mga kawanggawang serbisyo para sa pagkain

³ Dapat naka-incorporate ang mga organisasyon at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Society Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng federal Income Tax Act para magkuwalipika para sa exemption sa mga kawanggawang serbisyo ng pagkain.



BY-LAW PARA SA PLASTIC STRAW

EPEKTIBO NG ABRIL 22, 2020

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Requirement para sa Accessibility (karagdagan sa pahina 10)

- Ang mga negosyo, kawanggawa at mga not-for-profit ay dapat mag-stock ng mga flexible na plastic straw na indibiduwal na nakabalot sa papel at ibigay ito sa mga customer kapag:
 - Humingi ang customer ng isa.
 - Tinanong ng nagtitinda ng pagkain ang customer kung kailangan nila ng isa, at kinumpirma ng customer na kailangan nila.
- Ang sinumang humingi ng flexible na plastic straw ay dapat makatanggap ng isa. Ang mga tao ay hindi inaatasan, at hindi dapat hingan ng anumang medikal na impormasyon para patunayan ang pangangailangan nila.
- Ang mga flexible na plastic straw ay dapat iimbak sa likod ng counter para ilaan ito para sa mga taong nangangailangan nito.

Dapat regular na tingnan ng mga nagtitinda ng pagkain ang BC Centre for Disease Control para sa pinakabagong patnubay sa kalusugan at kaligtasan. Pumunta sa bccdc.ca at hanapapin ang "food businesses".

Pagbabawal sa Lahat ng Ibang Plastic Straw, kasama ang:

- Mga plastic na gawa mula sa mga fossil fuel na produkto.
- Plastic na may label o nakalarawan bilang mako-compost o nade-degrade (biodegradable, oxodegradable, photodegradable, atbp.).
- Plastic na gawa mula sa halaman o ibang biolohikal a materyales (mais, patatas, tubo, atbp.), tulad ng PLA (polylactic acid)
- Mga plastic na hinalo sa mga fiber na halaman o ibang materyales (tubo, atbp.).
- Mga plastic na may label o inilarawan bilang mga bioplastic.
- Mga papel na straw na nilinyahan ng anumang klase ng plastic.

Alam Mo Ba?

- Noong 2018, mga 31 milyong plastic straw ay itinaon sa basurahan sa Vancouver. Higit pa diyan, may hindi alam na bilang ng mga plastic straw ay ikinalat sa likas na kapaligiran.

PAGKAKATAON MO NA: SUMUNOD SA BY-LAW

Umorder ng flexible na plastic straw na isa-isang nakabalot ng papel, para sa accessibility: Ang mga straw na ito ay dapat i-stock at ilaan kapag hiniling ng lahat ng mga nagtitinda ng pagkain. May listahan ng mga supplier na nagtitinda ng mga straw na ito sa vancouver.ca/straws

Kausapin ang inyong supplier tungkol sa mga alternatibo sa mga pinagbabawal na straw: Tingnan ang pahina 23–25 para sa mga minumungkahing alternatibo.

Mag-apply para sa bubble tea straw exemption kung naghahain kayo ng bubble tea: Higit pang impormasyon sa bubble tea exemption ay nasa pahina 11. Mahalaga: ang mga nagtitinda ng bubble tea ay inaatasan pa ring mag-stock at maglaan ng mga flexible na plastic straw para sa accessibility.

Idagdag ang Accessible Straw Icon sa mga menu mo: Idagdag ang icon (makukuha sa toolkit) sa inyong print at website menu para ipakita sa mga patron na may kapansanan na may makukuha silang mga flexible na plastic straw.

I-update ang inyong software: I-update ang inyong online, mobile at telephone ordering system para masiguro na makakahingi ang mga customer ng mga flexible na plastic straw, kung kailangan para sa accessibility. Narito ang halimbawang salitang magagamit niyo sa mga platform niyo ng pag-order:

Flexible na plastic straw (para sa accessibility)

Ang mga flexible na plastic straw ay makukuha ng mga customer na hindi makakainom nang walang straw, o nahihirapang uminom, para ligtas nilang maiinom ang mga inumin at nutrisyon.

Itrain ang inyong mga kawani: Siguruhin na nauunawaan ng kawani ang by-law ng straw at ang sinumang humingi ng flexible na plastic straw ay makatanggap nito nang hindi hinihingan ng anumang medikal na impormasyon para patunayan ang pangangailangan nila.

Panatiliin ang mga flexible na plastic straw sa likod ng counter: Hindi sa mga self-serve station.

Sundan ang mga patnubay ng VCH sa sanitasyon kung naghahain kayo ng mga inuming may muling magagamit na straw: Sundin ang inyong plano sa kaligtasan ng pagkain at sanitasyon na inaprubahan ng Vancouver Coastal Health para linisin at i-sanitize ang mga muli mong magagamit na straw.

PAGBABAWAL SA PLASTIC STRAW

Mga Minumungkahing Alternatibo

Mga straw na maaaring i-compost sa Green Bin program ng Lungsod ng Vancouver:

- Mga papel na straw na hindi nilinyahan ng anumang klase ng plastic
- Mga pasta straw (subalit, maaaring isang allergen)
- Rice at tapioca straws (subalit, maaaring isang allergen)
- Mga straw na gawa sa grain stalk na tulad ng hay at rye
- Mga straw na gawa mula sa mga pressed na dahon
- Mga kawayang straws na gawa sa tunay na buong kawayan

Mga Muling Magagamit na Straw: Magtrabaho kasama ang Vancouver Coastal Health para masiguro na may mga sistema kang nakatalaga para maayos na mahugasan at ma-sanitize ang mga muling magagamit na straw kapag ginamit niyo ito.

Pinagbabawal

Kasama sa mga pinagbabawal na straw ang mga gawa ng:

- Mga plastic na gawa mula sa mga fossil fuel na produkto
- Plastic na may label o nakalarawan bilang mako-compost o nagde-degrade (biodegradable, oxodegradable, photodegradable, atbp.)
- Plastic na gawa mula sa mga tanim o ibang biological material (mais, patatas, tubo, atbp.), tulad ng PLA (polyactic acid)
- Mga plastic na hinalo sa mga fiber ng tanim o ibang materyales (tubo, atbp.).
- Mga plastic na may label o inilarawan bilang mga bioplastic
- Mga papel na straw na nilinyahan ng anumang klase ng plastic

Mahalaga: Wala sa materyales na nakalista sa itaas ang tinatanggap sa Green Bin program ng Lungsod ng Vancouver.

REQUIREMENTS PARA SA ACCESSIBILITY

Ang lahat ng Nagtitinda ng Pagkain ay Dapat Mag-stock at Magbigay ng Mga Flexible na Plastic Straw na Indibiduwal na Nakabalot sa Papel

Ang mga flexible na plastic straw na indibiduwal na nakabalot sa papel, ay nakatutugon sa pinakamalawak na saklaw ng mga accessibility requirement at sinisiguro na ang mga customer na hindi makainom nang walang straw o nahihirapang uminom, ay ligtas na makakainom ng inumin at nutrisyon. Ang mga taong nakakaranas ng mga kaugnay sa edad na pisikal na restriksiyon, rayuma, auto-immune na sakit, autism, cerebral palsy, dental at oral na kundiya, multiple sclerosis, muscular dystrophy, neurological disease, pinsala sa spinal cord, paggaling mula sa stroke at rehabilitasyon, paggaling mula sa operasyon, at mga ibang sakit at pinsala, ay maaaring umasa sa mga flexible na plastic straw.

Tinatakda ng inaatas na ito ang pinakamataas na pamantayan para sa accesibility sa mga pagbabawal sa plastic straw at inuuna ang inklusyon para sa lahat ng mga tao sa magkakaibang komunidad ng Vancouver.

Mga Ispesipikasyon ng Flexible na Plastic Straw:

- Plastic (gawa mula sa mga fossil fuel na produkto tulad ng polypropylene);
- Dapat ay may flexible na seksiyon malapit sa tuktok na nagpapahintulot sa straw na matiklop at manatiling nakatiklop;
- Minumungkahing pinakamababang haba na 19.5 cm kapag ang straw ay hindi naka-stretch, at tinatayang 0.5 cm ang diyametro;
- Indibiduwal na nakabalot ng papel.
- **Mahalaga:** Ang mga flexible na plastic straw ay hindi maaaring gawa sa plastic na naka-label o inilarawan bilang mako-compost, nade-degrade o gawa mula sa mga halaman o ibang biyolohikal na materyales. Ang mga plastic na ito ay maaaring matunaw sa maiinit na likido o magdulot ng mga allergic na reaksiyon, at hindi nakatutugon sa inaatas para sa accessibility.

Ano ang Itatawag sa Mga Flexible na Plastic Straw at Paano Ia-advertise ang Pangangailangan sa Kanila:

- **Pangalan:** Flexible na plastic straw (para sa accessibility)
- **Paglalarawan:** Ang mga flexible na plastic straw ay makukuha ng mga customer na hindi makakainom nang walang straw, o nahihirapang uminom, para ligtas nilang maiinom ang mga inumin at nutrisyon.

MENU ICON PARA SA MGA FLEXIBLE NA PLASTIC STRAW

Idagdag ang icon na ito sa inyong mga menu para ipakita sa mga customer na sumusunod ka sa by-law ng plastic straw at ang mga flexible na plastic straw ay naroon para sa mga customer na nangangailangan nito.

I-download o mag-order ng mga toolkit sa vancouver.ca/straws kasama ang:

- **Mga poster**
- **Mga sample na flexible plastic straw na isa-isang nakabalot ng papel (para sa accessibility)**
- **Menu icon at mga sticker sheet para sa mga flexible plastic straw (para sa accessibility)**
- **Mga digital file para sa mga checkout stand at menu screen**
- **Mga FAQ**



Ang menu icon ay ginawa sa konsultasyon ng Persons with Disabilities Advisory Committee ng Lungsod ng Vancouver.

**Flexible Plastic
Straws Available**

Mga Exemption

1. Mga Ospital at Pasilidad sa Pag-aalaga ng Komunidad

Ang by-law ng plastic straw hindi mailalapat sa serbisyo ng pagkain para sa mga pasyente sa mga ospital o residente ng mga community care na pasilidad.

Mahalaga: Ang by-law ng plastic straw **ay** para sa mga nagtitinda ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na ang lugar ay nasa mga ospital o community care na pasilidad (halimbawa: mga cafeteria, kapihan) na naghahain ng hinandang pagkain sa mga customer.

2. Mga Kahon at Pouch ng Inumin

Ang by-law ay hindi mailalapat sa mga plastic straw na nakakabit sa mga kahon ng inumin at mga pouch ng inumin.

3. Pagtitinda ng Mga Pakete ng Mga Plastic Straw

Pinahihintulutan pa rin ang mga retailer na magbenta ng mga pakete ng di bababa sa 20 na bilang ng plastic straw para sa personal na paggamit.

4. Isang-Taong Exemption sa Bubble Tea Straw

Ang mga nagtitinda ng pagkain ay dapat mag-apply para sa exemption sa bubble tea straw sa vancouver.ca/straws

Ang isang-taong exemption ay magagamit para sa mga plastic straw na hinain kasama ng mga bubble tea na inumin. Pinahihintulutan ng exemption ang mga nagtitinda ng pagkain na maghain ng bubble tea na may mga plastic straw hanggang Abril 21, 2021.

Ang bubble tea straw exemption ay hindi awtomatiko at para maging nararapat, ang mga negosyo ay dapat:

- Magtinda o maghain ng mga bubble tea na inumin; at
- Mag-apply para sa exemption sa pagsusumite ng form ng “bubble tea straw exemption” sa Lungsod; at
- Magsumite ng exemption form para sa bawat lokasyon ng negosyo (kung marami kang lokasyon sa Vancouver).

Tandaan:

- Ang bubble tea straw exemption ay para lang sa mga plastic straw na hinain kasama ng bubble tea. **Lahat ng nagtitinda ng pagkain, kasama ang mga naghahain ng mga bubble tea na inumin, ay dapat pa ring sumunod sa pagbabawal sa mga plastic straw para sa lahat ng ibang inumin (halimbawa: mga smoothie, malalamig na inumin).**
- Ang mga nagtitinda ng pagkain na nag-apply para sa bubble tea straw exemption ay inaatasan pa ring mag-stock at maglaan ng mga flexible na plastic straw at ibigay ito sa customer kapag hiningan (requirement para sa accessibility).
- Ang layunin ng bubble tea straw exemption ay para pahintulutan ang merkadong maghadog ng mga alternatibong bubble tea straw na hindi gawa sa plastic.

Sa panahon ng COVID-19, ang mga kawanggawang serbisyo ng pagkain ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga minsanang-gamit na item kasama ng pagkain, pero inaasahang magsimulang magtrabaho patungo sa pagsunod sa mga by-law sa sandaling posible na ito para sa kanila.

Basahin ang buong by-law sa vancouver.ca/reduce-single-use

By-law Num. 12618 By-law para amyendahan ang Lisensiya By-law Num. 4450 tungkol sa mga plastic straw



BY-LAW PARA SA KUBYERTOS

IPATUTUPAD SA ABRIL 22, 2020

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

- Ito ay ayon sa hiniling na by-law: ang mga minsanang-gamit na kubyertos ay maaari lang ilaan kapag hiniling ng customer.
- Sinasaklawang ng by-law ang mga minsanang-gamit na kutsara, kutsilyo, tinidor at chopsticks ng lahat ng klase ng materyales. Hindi kasama ang mga panghalong stick.
- Pinahihintulutan ang mga self-serve station sa ilalim ng by-law ng Lungsod. Subalit, maaaring may mga restriksiyon mula sa mga pangkalusugang awtoridad sa panahon ng pandemic.
- Para sa lahat ng dine-in, take-out, in-person, online at teleponong, order, ang mga nagtitinda ng pagkain ay maaari lang maglaan ng mga minsanang-gamit na kubyertos kung:
 - Tinanong ng nagtitinda ng pagkain ang customer kung gusto nila ng minsanang-gamit na kubyertos at kinumpirma ng customer na kailangan nila , o
 - Humiling ang customer ng minsanang-gamit na kubyertos, o
 - Kumuha ang customer ng minsanang-gamit na kubyertos mula sa self-serve station.
- Hindi maaaring awtomatikong isama ng mga nagtitinda ng pagkain ang mga minsanang-gamit na kubyertos sa mga order at hindi dapat mag-ayos ng mga mesa na may minsanang-gamit na kubyertos.

Dapat regular na tingnan ng mga nagtitinda ng pagkain ang BC Centre for Disease Control para sa pinakabagong patnubay sa kalusugan at kaligtasan. Pumunta sa bccdc.ca at hanapin and "food businesses"

Alam Mo Ba?

- Sumasang-ayon ang 84% ng mga Vancouverite na ang mga fast-food restaurant o kapihan ay dapat magbigay ng muling magagamit na dishware na kakainan.
- 71% ng mga Vancouverite ay naniniwala na mababawasan nila kung gaano kadalas silang gumamit ng mga minsanang-gamit na mga item kung tinanong sila kung gusto nila ito bago bumili.
- Noong 2018, mga 103 milyong minsanang-gamit na kubyertos ang itinaapon sa basurahan sa Vancouver—hindi kasama ang mga kubyertos na nakakalat sa likas na kapaligiran. Dalawa sa tatlo ay minsanang-gamit na chopsticks at kahoy na kubyertos.

PAGKAKATAON MO NA: SUMUNOD SA BY-LAW

- ☐ **I-update ang inyong software:** I-update ang inyong online, mobile at teleponong sistema sa pag-order para masiguro na ang mga minsanang-gamit na kubyertos ay hindi awtomatikong ibibigay at ang mga customer ay makakahiling ng mga kubyertos na kailangan nila.
- ☐ **Ayusin ang inyong espasyo at mga sistema:** Huwag mag-set ng mga mesa ng mga minsanang gamit na kubyertos (nangangahulugan itong walang mga minsanang-gamit na kubyertos sa mga basket o sa indibiduwal na place setting).
- ☐ **I-train ang kawani niyo:** Siguruhin na alam ng kawani niyo na ang mga minsanang-gamit na kubyertos ay mailalaan lang kapag hiniling o sa mga self-serve station, kapag nagsisilbi sa mga dine-in customer at kapag naghahada ng mga take-out order.
- ☐ **Iwasan ang mga plastic na kubyertos** na gawa mula sa fossil fuel na produkto, at plastic na naka-label o inilarawan bilang mako-compost, nade-degrade o gawa mula sa mga halaman o ibang biyolohikal na materyales. Hindi ito tinatanggap sa Green Bin program ng Lungsod o residensiyal na pagreresiklong pagkolektang programa ng Recycle BC. Ang mga materyales na ito ay nagkokontamina ng umiiral na pagreresiklo at pag-compost na streams at hindi aprubado sa pag-compost sa ilalim ng probinsiyal na regulasyon.
- ☐ **Pumili:** Kapag ang mga minsanang-gamit na kubyertos ay inaatas, maghanap ng mga alternatibo na matatanggap sa Green Bin program ng Lungsod, tulad ng kahoy o kawayan. Ang mga minumungkahing alternatibo ay nasa pahina 23-25.
- ☐ **Lumipat sa mga muling magagamit na kubyertos:** Kausapin ang inyong mga supplier tungkol sa paglipat sa mga muling magagamit na kubyertos, kasama ang chopsticks, para sa mga patron na nagda-dine-in. Matibay, nahuhugasan at nareresiklong materyales, tulad ng metal, ceramic o matigas na plastic, ay nirerekomenda.
- ☐ **I-sanitize ang mga muling magagamit na kubyertos:** Sundin ang inyong plano sa kaligtasan ng pagkain at sanitasyon na inaprubahan ng Vancouver Coastal Health para linisin at i-sanitize ang mga muli mong magagamit na mga kubyertos.

Mga Exemption

1. Mga ospital at community care na pasilidad.

Ang by-law sa mga kubyertos ay hindi mailalapat sa serbisyo ng pagkain para sa mga pasyente sa mga ospital o residente ng mga community care na pasilidad.

Mahalaga: Ang by-law ng mga kubyertos **ay** para sa mga nagtitinda ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na ang lugar ay nasa mga ospital o community care na pasilidad (halimbawa: mga cafeteria, kapihan) na naghahain ng hinandang pagkain sa mga customer.

2. Pagtitinda ng mga nakapaketeng kubyertos sa mga tindahan

Pinahihintulutan pa rin ang mga retailer na magbenta ng mga pakete ng 20 man lang na mga minsanang-gamit na mga kubyertos para sa personal na paggamit.

Sa panahon ng COVID-19, ang mga kawangawang serbisyo ng pagkain ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga minsanang-gamit na item kasama ng pagkain, pero inaasahang magsimulang magtrabaho patungo sa pagsunod sa mga by-law sa sandaling posible na ito para sa kanila.

Basahin ang buong by-law sa vancouver.ca/reduce-single-use

By-law Num. 12620 By-law para amyendahan ang Lisensiya By-law Num. 4450 tungkol sa mga minsanang gamit na kubyertos



BY-LAW PARA SA CUP

EPEKTIBO NG ENERO 1, 2022

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

- Sa ilalim ng by-law, dapat sumingil ng pinakamababang bayad na \$0.25 para sa bawat minsanang-gamit na cup para sa inuming pinamahagi.
- Ang mga bayad sa cup ay dapat ipakita sa mga menu board, menu at internet-based na ordering platform.
- Ang mga bayad sa cup ay dapat ipakita bilang hiwalay na linyang item sa anumang resibo na nilaan sa mga customers sa paggamit ng salitang tulad ng "CUP FEE".
- Ang mga nagtitinda ng pagkain ay dapat magsabi sa mga customer ng halaga ng bayad sa cup para sa anumang mga order na ginawa gamit ang telepono.
- Simula sa mga pag-renew ng lisensiya sa 2023, ang mga nagtitinda ng pagkain ay dapat mag-ulat ng bilang ng mga minsanang-gamit na cup na ipinamahagi sa nakaraang 12 buwan sa bawat lisensiyadong lokasyon kapag ni-renew nila ang lisensiya nila sa negosyo bawat taon.
- Ang inaatas sa pag-ulat ng cup ay ipinaubaya sa bawat lokasyon ng negosyo na lumalahok sa reusable cup-share na programa.

Dapat regular na tingnan ng mga nagtitinda ng pagkain ang BC Centre for Disease Control para sa pinakabagong patnubay sa kalusugan at kaligtasan. Pumunta sa bccdc.ca at hanapin ang "food businesses"

Alam Mo Ba?

- Noong 2018, mga 82 milyong minsanang-gamit na mga cup ay itinapon sa basurahan sa Vancouver.
- Mga 15% ng malaking kalat sa mga kalye ng Vancouver ay minsanang-gamit na mga cup.

PAGKAKATAON MO NA: SUMUNOD SA BY-LAW

- ☐ **Kailanman posible, gawing gawi ang mga muling pagagamit:** Bilang pinakamahusay na kasanayan, sanayin ang mga kawani na awtomatikong mag-alok ng muling-magagamit na cup para sa mga inumin para manatili, at laging tanungin ang mga customer kung kailangan nila ng minsanang-gamit na cup bago magbigay ng isa. Gamitin ang till toppers ng Lungsod ng Vancouver o digital graphics para udyukin ang inyong mga customer.
- ☐ **Ang reusable-cup share na programa:** Pag-isipang alukin ang mga customer niyo ng reusable cup-share na programa para sa mga inuming ite-take out. Ang mga lokasyong lumalahok sa programang pagbabahagi ng cup ay hindi kailangang mag-ulat sa Lungsod ng bilang ng mga matataponng tasa na pinamahagi bawat taon. Para matuto pa, tingnan ang kahon sa ibaba.
- ☐ **I-sanitize ang mga muling magagamit na cup:** Sundin ang inyong plano sa kaligtasan ng pagkain at sanitasyon na inaprubahan ng Vancouver Coastal Health para linisin at i-sanitize ang mga muling magagamit na cup.
- ☐ **Ipakilala ang “mga contactless cup”:** Makipagtulungan sa inyong Vancouver Coastal Health environmental health officer para gumawa ng ligtas na pamamahalang pamamaraan sa mga travel mug. Ang mga paraan sa contactless cup sa pahina 16 ay tumutugon sa mga inaatas ng Vancouver Coastal Health.
- ☐ **I-update ang mga Point of Sale (POS) system:** I-update ang inyong in-store, online, mobile at teleponong POS para sumingil ng bayarin sa mga minsanang-gamit na cup at para masiguro na ang mga resibo ay nagpapakita ng bayad na ito bilang hiwalay na item sa linya. Ang mga bayarin ay sasailalim sa GST at PST.
- ☐ **I-update ang mga menu at mga menu board para ikomunika ang bayad sa cup sa mga customer:** Narito ang halimbawang salitang magagamit niyo sa inyong menu board: *Mga Bayarin sa Cup: Para sumunod sa mga inaatas ng by-law sa Lungsod ng Vancouver, sisingil kami ng pinakamababa na \$0.25 bayad sa mga minsanang-gamit na mga cup. Ang mga bayad mula sa mga cup ay gagamitin para sa/sa _____.*
- ☐ **Sanayin ang kawani niyong ipaalam ang bayad sa cup sa mga customer kapag kumukuha ng mga order sa telepono.**
- ☐ **Maging transparent sa kita mula sa mga bayad sa cup:** Ipakita sa mga customer kung paano niyo gagamitin ang kita mula sa mga bayad sa cup. May mga poster para ibahagi ang impormasyong ito na makukuha bilang bahagi ng aming pangnegosyong toolkit sa vancouver.ca/cups.
- ☐ **Magtalaga ng sistema para subaybayan ang bilang ng mga minsanang-gamit na cup na pinamamahagi niyo bawat taon:** Masusubaybayan niyo ito gamit ang inyong electronic POS system, o mga ibang paraan tulad ng pagbibilang kung ilang tasa ang nasa imbentaryo niyo sa simula at pagtatapos ng taon.
- ☐ **Mag-ulat ng mga minsanang-gamit na cup na pinamahagi sa mga lokasyon na hindi naghahandog ng pagbabahagi ng muling magagamit na cup:** Simula sa pag-renew ng lisensya sa negosyo para sa 2023, ang bilang ng mga minsanang-gamit na cup na ipinamahagi sa bawat lokasyon na lisensyado sa nakaraang 12 buwan ay dapat iulat sa Lungsod, maliban kung ang lokasyon ay lumalahok sa reusable cup-share na programa na nagsimula anumang oras sa nakaraang taon at ipinaalam sa mga customer sa punto ng pagbebenta.

Ano ang reusable cup-share na programa?

- Ang reusable cup-share program ay nagpapahintulot sa mga customer na matanggap ang kanilang inumin sa muling-magagamit na cup na maite-take out nila, at mai-sasauli sa negosyo o ibang pag-iwanang lokasyon sa ibang panahon.
- Ito ay parang car-share o bike-share, pero para sa mga cup.

MGA BAYARIN SA CUP

Ang mga nagtitinda ng pagkain ay magtatago ng mga bayad mula sa mga cup. Ang kita mula sa bayad sa cup ay hindi ibibigay sa Lungsod.

Hinihikayat ang mga nagtitinda ng pagkain na gamitin ang mga bayarin para:

- Mamuhunan sa mga muling magagamit na alternatibo para sa mga minsanang-gamit na item, tulad ng mga muling magagamit na cup para panatilian ng inumin, mga komersiyal na dishwasher, at mga reusable cup-share na programa.
- Takpan ang gastos sa pagsunod sa by-law, tulad ng mga software update, training ng mga kawani, atbp.

Tulungan ang mga customer mong iwasan ang bayarin at bawasan ang basura sa pagbibigay ng mga muling-magagamit na cup para sa kanilang inumin, paglahok sa reusable cup-share na programa, at hikayatin ang mga customer na magdala ng sarili nilang cup.

Maihahandog pa rin ang mga diskawnt para gantimpalaan ang mga customer na pumipili ng mga muling-magagamit na cup.

MGA PARAAN SA CONTACTLESS CUP

Ginagamit ng mga kapihan at restaurant sa buong mundo, binabalangkas ng mga paraang ito ang mga ligtas na pamamaraan sa pagtanggap ng mga muling magagamit na cup sa panahon ng COVID-19 pandemic at pinahihintulutan ng Vancouver Coastal Health.

Paraan sa Contactleass Cup 1

Hakbang 1. Aalisin ng customer ang takip at ilalagay ang kanilang malinis na muling magagamit na cup sa designadong tray o sa ibang lalagyan at aatras ng dalawang metro.

Hakbang 2. Ililipat ng kawani ang tray o lalagyan kung saan ihahanda ang inumin, sinisiguro na maiwasan ang anumang kontak sa muling magagamit na cup ng customer.

Hakbang 3. Nang hindi hinihipo ang muling magagamit na cup ng customer, ibubuhos ng kawani ang hinandang inumin sa muling magagamit na cup ng customer.

Hakbang 4. Dinadala ng kawani ang tray kung nasaan ang muling magagamit na cup ng customer sa countertop kung saan maite-take out ito ng customer.

Hakbang 5. Huhugasan ng kawani at isa-sanitize ang mga tray at lalagyan matapos ang bawat paggamit.

Paraan sa Contactleass Cup 2

Hakbang 1. Ihahanda ng kawani ang inumin sa maliit na jug o muling magagamit na "to stay" cup na hinugasan at sinanitize sa isang komersiyal na dishwasher

Hakbang 2. Ibubuhos ng kawani o customer ang inumin sa kanilang travel mug.

Hakbang 3. Huhugasan ng kawani at isa-sanitize ng cup o jug na ginamit sa pagbuhos.

Mga Exemption

1. Mga ospital at community care na pasilidad

Hindi ilalapat ang by-law sa mga minsanang-gamit na cup na ginamit para sa paghahain ng pagkain sa mga pasyente sa mga ospital at mga pasilidad para sa community care.

Mahalaga: Ang by-law ay hindi para sa mga nagtitinda ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na ang lugar ay nasa mga ospital o pasilidad para sa community care (halimbawa: mga cafeteria, kapihan) na naghahain ng hinandang pagkain sa mga customer.

2. Mga kawanggawang serbisyo ng pagkain

Ang mga nakarehistrong kawanggawa at mga not-for-profit na korporasyon⁴ ay hindi inaatasang sumingil ng bayarin sa mga minsanang-gamit na cup at ginamit para maglaan ng inumin nang libre o mura, o iulat ang bilang ng mga cup na ginamit para sa layuning ito.

3. Mga pagkaing hinain sa mga cup

Ang bayad sa cup at inaatas sa pag-ulat ay hindi mailalapat sa mga minsanang-gamit na cup na ginamit para maghain ng hinandang pagkain, tulad ng sopas, pudding, mga frozen dessert, atbp.

4. Pagtitinda ng mga pakete ng minsanang-gamit na cup sa mga tindahan

Pinahihintulutan pa rin ang mga retailer na magbenta ng mga di bababa sa tig 6 na pakete ng mga minsanang-gamit na mga cup para sa personal na paggamit.

Basahin ang buong by-law sa vancouver.ca/reduce-single-use

By-law Num. 12622 By-law para amyendahan ang Lisensiya By-law Num. 4450 tungkol sa mga minsanang gamit cup ng inumin.

By-law Num. 12844 Inamyendahan ang By-law Num. 4450 tungkol sa petsa ng bisa ng mga inaatas para sa minsanang-gamit na cup ng inumin.



⁴ Dapat naka-incorporate ang mga organisasyon at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng federal Income Tax Act para magkuwalipika para sa exemption sa mga kawanggawang serbisyo ng pagkain.



BY-LAW PARA SA SHOPPING BAG

EPEKTIBO NG ENERO 1, 2022

ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

- Ang by-law na ito ay partikular sa mga shopping bag (iyon ay, isang bag na ginamit ng mga customer para dalhin ang mga binili o natanggap na item mula sa isang negosyo).
- Ang mga may hawak ng lisensiya sa pagnenegosyo ay dapat munang magtanong sa mga customer kung kailangan nila ng mga shopping bag bago ilaan ito.
- Kung hiniling ng Lungsod, dapat iulat ng mga organisasyon ang bilang ng papel at mga bagong muling magagamit na shopping bag na pinamahagi sa nakaraang 12 buwan sa bawat lokasyon.

Pinahihintulutan ang mga muling magagamit na shopping bag ng BC Centre for Disease Control sa panahon ng COVID-19 Pandemic. Dapat regular na tingnan ng mga nagtitinda ang BC Centre for Disease Control para sa pinakabagong patnubay sa kalusugan at kaligtasan. Pumunta sa

MGA PLASTIC NA SHOPPING BAG

PINAGBABAWAL

Para sa mga plastic na shopping bag na anuman ang kapal, buo o bahagyang gawa mula sa:

- Mga plastic na gawa mula sa mga fossil fuel na produkto
- Plastic na may label o nakalarawan bilang mako-compost o nagde-degrade (biodegradable, oxodegradable, photodegradable, atbp.)
- Plastic na gawa mula sa mga halaman o ibang biological material (mais, patatas, tubo, atbp.)
- Bioplastic

MGA PAPEL NA SHOPPING BAG

Mga pinakamababang bayarin:

\$0.15 - 2022

\$0.25 - 2023

Mga ibang inaatas ng by-law:

- Dapat maglamang ng 40% man lang ng niresiklong papel na laman
- Dapat naka-label sa labas ng bag na may salitang "recyclable" at ang dami ng niresiklong laman (hal. "Recyclable. Gawa sa 40% na niresiklong laman.")
- Ang mga bayad sa papel na shopping bag ay dapat ipakita bilang hiwalay na linyang item sa anumang mga resibo na nilaan sa mga customer.

MGA BAGONG MULING MAGAGAMIT NA SHOPPING BAG

Mga pinakamababang bayarin:

\$1.00 - 2022

\$2.00 - 2023

Mga ibang inaatas ng by-law:

- Dapat idisenyo at ma-manufacture na kaya ang hindi bababa sa 100 paggamit
- Pangunahing gawa sa tela (tingnan ang talahanayan sa mga pahinang 23-25 halimbawa)
- Ang mga bayad sa muling magagamit na shopping bag ay dapat ipakita bilang hiwalay na linyang item sa anumang mga resibo na nilaan sa mga customer.

PAGKAKATAON MO NA: SUMUNOD SA BY-LAW

- ☐ **Kausapin ang inyong supplier tungkol sa mga alternatibo sa mga plastic na shopping bag:** Tingnan ang pahina 23–25 para sa mga minumungkahing alternatibo.
- ☐ **Paalalahanan ang mga customer ng kalinisan ng bag:** Tumulong na panatilihin ang kawani niyo sa pagpapaalala sa mga customer na regular na linisin ang kanilang muling magagamit na mga bag. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa aming website: vancouver.ca/bags.
- ☐ **Gumawa ng ligtas at accessible na pamamaraan para sa mga muling magagamit na bag:** Sundin ang mga patnubay ng BC Centre of Disease Control para sa madalas na paghuhugas ng kamay para suportahan ang kawani niyo sa pamamahala ng mga muling magagamit na bag. Tulungan ang mga customer na may kapansanang ilagay sa bag ang mga binili nila sa kanilang mga muling-magagamit na bag.
- ☐ **I-update ang inyong mga Point of Sale (POS) system:** U-update ang inyong in-store, online, mobile at mga teleponong POS system para sumingil ng bayarin sa papel ay mga muling-magagamit na shopping bag. Ang mga bayarin ay sasailalim sa GST at PST.
- ☐ **Mga Resibo:** Lahat ng mga negosyo ay inaatasang magpakita ng mga bayarin sa bag bilang hiwalay na linyang item sa anumang resibo na nilaan sa mga customers sa paggamit ng salitang tulad ng "PAPER CUP" at "REUSABLE BAGS".
- ☐ **Magtalaga ng sistema para subaybayan ang bilang ng mga papel at muling magagamit na shopping bag na inyong pinamamahagi bawat taon:** Masusubaybayan niyo ang bilang ng papel at muling magagamit na shopping bag na ipinamimigay gamit ang electronic POS, o ibang paraan tulad ng pagbilang kung ilang bag ang nasa inyong imbentaryo sa simula at katapusan ng taon.
- ☐ **I-train ang mga kawani/mga kahera niyong tanungin ang mga customer kung kailangan nila ng papel o muling magagamit na shopping bag bago magbigay ng isa.**
- ☐ **Maging transparent sa kita mula sa mga bayad sa bag:** Ipakita sa mga customer niyo kung paano niyo ginagamit ang kita mula sa mga bayad sa bag.
- ☐ **Iulat ang mga shopping bag na pinamahagi sa Lungsod (kapag hiniling):** Iulat ang bilang ng papel at muling magagamit na mga shopping bag na pinamahagi sa nakaraang 12 buwan kung hiniling ng Lungsod.
- ☐ **I-donate o itinda ang lahat ng natitirang mga plastic na shopping bag:** Ang anumang natitirang plastic na shopping bag ay dapat ibenta sa mga negosyo sa labas ng Vancouver o i-donate sa kawanggawa at not-for-profit na mga organisasyon (kung tumatanggap sila ng mga donasyon ng plastic bag). Kung minsan, ang mga kawanggawang organisasyon ay nagbibigay ng mga walang lamang plastic na mga shopping bag sa mga residenteng hindi naaayong naapektuhan ng income inequality para sa iba't ibang paggamit, tulad ng mga liner ng basurahan o gawing mas waterproof ang sapatos.

MGA BAYAD SA BAG

- Maiiwan sa mga negosyo, kawanggawa at not-for-profit ang bayad mula sa mga bag. Ang kita mula sa bayad sa bag ay hindi ibibigay sa Lungsod.
- Hinihikayat ang mga organisasyong gamitin ang mga bayad para takpan ang gastos sa pagsunod sa by-law, tulad ng mga software update, training ng mga kawani, atbp.
- Maaari ring gamitin ng mga negosyo ang kita sa bayad para pondohan ang donasyon ng mga muling-magagamit na bag sa mga non-profit at panlipunang enterprise na naghahandog ng mga programa sa mga residenteng maling naapektuhan ng income inequality.
- Tulungan ang mga customer niyong maiwasan ang bayarin sa paghikayat sa kanilang dalhin ang sarili nilang bag.
- Maaaring maghandog ng mga diskuwento para gantimpalaan ang mga customer sa pagdala ng sarili nilang muling magagamit na shopping bag.

Alam mo ba?

- Noong 2018, mga 89 milyong plastic na shopping bag at 4 na milyong papel na shopping bag ay itinapon sa basurahan sa Vancouver.
- Ang mga plastic bag ay ika-anim na pinakakaraniwang klase ng kalat na nakikita sa mga baybayin noong 2019 ayon sa Great Canadian Shoreline Cleanup.
- 95% ng mga residente ng Metro Vancouver ay may-ari na ng isa man lang na muling magagamit na shopping bag.

MGA KAWANGGAWANG SERBISYO NG PAGKAIN

Sa nagpapahinang sirkumstansiya ng COVID-19, ang mga serbisyong pagkain na kawanggawa ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga minsanang-gamit na item na may pagkain sa panahon ng pandemic. Inaasahang magsimulang magtrabaho ang mga serbisyong pagkain na kawanggawa patungo sa pagsunod sa mga by-law sa sandaling maging posible ito sa kanila (sa kasalukuyan o makalipas ang COVID-19).

Basahin ang buong by-law sa vancouver.ca/reduce-single-use

By-law Num. 12624	By-law para amyendahan ang Lisensiya By-law Num. 4450 tungkol sa mga shopping Bag
By-law Num. 12843	(inaamyendahan ang By-law Num. 4450 tungkol sa petsa ng bisa ng mga inaatas sa mga shopping bag)
By-law Num. 12866	By-law para amyendahan ang Lisensiya By-law Num. 4450 tungkol sa schedule ng bayad sa shopping bag



Mga Exemption

1. “Bag-share” o “Take-a-Bag, Leave-a-Bag” na Programa

Hindi inaatasan ang mga negosyo, kawanggawa at not-for-profit na sumingil ng bayarin sa papel at muling magagamit na mga shopping bag na nagamit na ng customer at isinauli para muling magamit ng mga ibang customer. Hindi rin sila inaatasang mag-ulat ng bilang ng bag na pinamahagi na nagamit na ng customer nang minsan man lang.

Tala: Kung ang negisyo, kawanggawa o not-for-profit ay naglaan ng programang pagbabahagi ng muling magagamit na bag, dapat silang makipagtulungan sa Vancouver Coastal Health para tugunan kung paano nila isa-sanitize ito nang mabisa sa loob ng kanilang plano sa sanitasyon. Nangangahulugan ito na ang muling magagamit na bag ay dapat mahuhugasan o gawa sa materyales na maaaring mabisang ma-sanitize.

2. Mga Kawanggawang Serbisyo ng Pagkain

Ang mga nakarehistrong kawanggawa at mga not-for-profit na korporasyon⁵ ay hindi inaatasang sumingil ng bayarin sa mga papel at muling magagamit na mga shopping bag na ginamit para maglaan ng pagkain nang libre o mura, o iulat ang bilang ng mga bag na ginamit para sa layuning ito.

3. Mga Shopping Bag para sa Mga De-resetang Gamot

Hindi inaatasan ang mga parmasyang sumingil ng bayarin sa papel at muling magagamit na mga shopping bag na ginamit para madala ang mga de-resetang gamot, o iulat ang bilang ng mga bag na naipamahagi para sa layuning ito.

4. Mga maliit na papel na bag

Ang mga negosyo, kawanggawa at not-for-profit ay hindi inaatasang sumingil na bayarin sa mga maliit na papel na bag (mas maliit sa 15 cm x 20 cm kapag flat), o iulat ang bilang ng mga maliliit na papel na bag na ipinamahagi.

5. Mga malalaking shopping bag

Ang mga plastic na shopping bag na ginamit para magdala ng mga linen, bedding o ibang katulad na malalaking item na hindi madaling kakasya sa papel o muling magagamit na shopping bag ay pinahihintulutan.

6. Mga bag na hindi mga shopping bag

Ang by-law ay partikular sa mga shopping bag at hindi para sa mga ibang klase ng mga bag.

Nangangahulugan ito na walang pagbabawal, inaatas na bayarin, o pag-uulat na inaatas sa mga bag, na gawa mula sa anumang materyales, na ginamit para:

- Maglaman ng mga hiwa-hiwalay na bultuhang item tulad ng prutas, gulay, nuts, grains, o kendi
- Maglaman ng hiwa-hiwalay na maliliit na hardware item tulad ng pako at bolts
- Protektahan ang mga paninda sa bakery na hindi pre-packaged bago ang pagtinda
- Maglaman o balutin ang mga frozen na pagkain, karne, poultry, o isda, ito man at pre-packaged bago itinda o hindi
- Balutin ang mga bulaklak o mga nasa pasong tanim
- Magdala ng buhay na isda
- Protektahan ang mga diyaryo o ibang naka-print na materyales na nilalayong iwan sa tirahan ng customer o lugar ng negosyo
- Protektahan ang mga dami matapos ang propesyonal na paglalaba o dry cleaning
- Ilinya sa mga basurahan at lalagyan ng compost
- Pagkuha ng dumi ng alagang-hayop
- Pagpakete ng mga sandwich

Hindi lubos na kumpleto ang listahang ito. Ang mga ibang bag na hindi nakatutugon sa kahulugan sa by-law ng shopping bag ay hindi rin sasailalim sa pagbabawal o inaatas na bayarin sa oras na ito.

⁵ Dapat naka-incorporate ang mga organisasyon at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng federal Income Tax Act para magkuwalipika para sa exemption sa mga kawanggawang serbisyo ng pagkain.

MAKO-COMPOST AT DEGRADABLE NA MGA PLASTIC

Panahon na para ilabas ang katotohanan. Maaaring magulat kang malaman kung ano ang nangyayari sa mga item na ito kapag tapos na itong gamitin ng mga customer mo.

Katotohanan #1

Plastic na naka-label o inilarawan bilang:

- mako-compost,
- degradable (biodegradable, oxodegradable, photodegradable, atbp.),
- bioplastic, o
- gawa sa tanim o ibang biological na materyales:
 - » Ay hindi dinesenyo para mag-biodegrade kung ikinalat sa likas na kapaligiran;
 - » Ay hindi tinatanggap sa Green Bin organics program ng Lungsod;
 - » Kinokontamina ang umiiral na pang-compost at pangresiklong stream; at
 - » Hindi aprubado sa pag-compost sa ilalim ng Probinsiyal na regulasyon ng BC.



Katotohanan #2

Plastic na naka-label o inilarawan bilang mako-compost o degradable ay hindi rin tinatanggap sa residensiyal na pagreresiklong programa ng Recycle BC.

Katotohanan #3

Bilang mga contaminant, ang mga plastic na naka-label o inilarawan bilang mako-compost, degradable o gawa sa mga halaman, ay pinakamalamang na aalisin mula sa mga lokal na composting stream at itatapon sa landfill o incinerator.

ANO ANG SA HALIP AY PIPILIIN

Hinihikayat ng Lungsod ang mga nagtitinda ng pagkain na pumili ng mga muling magagamit na alternatibo saanman posible. Kung hindi, minumungkahi ng Lungsod ang mga alternatibo na gawa mula sa mga materyales na tinatanggap sa pag-compost sa Green Bin program ng Lungsod o pagresiklo sa residensiyal na programa sa pagreresiklo ng Recycle BC.

Maghanap ng listahan ng mga minumungkahing alternatibo sa pahina 23-25.

MGA MINUMUNGKAHING ALTERNATIBO

Para sa kumpleto at up-to-date na listahan, pumunta sa VANCOUVER.CA/REDUCE-SINGLE-USE

MGA LALAGYAN

MULING MAGAGAMIT	NARERESIKLO Tinatanggap sa programa ng Recycle BC sa residential recycling program	MAKO-COMPOST Tinatanggap sa City of Vancouver Green Bin
 Mga ceramic	 Mga papel na lalagyang may coating na plastic	 Moulded fiber o mga pulp container
 Mga tiffin	 Mga aluminum na lalagyan	 Mga papel na plato at bag
 Plastic	 Mga plastic na lalagyan	 Mga dahong plato at cup
 Mga plastic na mangkok		
 Mga boteng garapon		

MGA STRAW

MULING MAGAGAMIT	NARERESIKLO Tinatanggap sa programa ng Recycle BC sa residential recycling program	MAKO-COMPOST Tinatanggap sa City of Vancouver Green Bin
 Mga metal na straw	SA KASALUKUYAN AY WALANG KAPALIT NA MARERESIKLO	 Mga papel na straw
 Mga salaming straw		 Mga pasta straw
 Mga silicone straw		 Mga hay straw

MGA KUBYERTOS

MULING MAGAGAMIT	NARERESIKLO Tinatanggap sa programa ng Recycle BC sa residential recycling program	MAKO-COMPOST Tinatanggap sa City of Vancouver Green Bin
Metal na kutsilyo at chopsticks Kahoy o plastic na chopsticks Plastic at ceramic na kubyertos	SA KASALUKUYAN AY WALANG KAPALIT NA MARERESIKLO	Mga kahoy at kawayang kubyertos Walang pinturang kahoy o kawayang chopsticks

MGA CUP

MULING MAGAGAMIT	NARERESIKLO Tinatanggap sa programa ng Recycle BC sa residential recycling program	MAKO-COMPOST Tinatanggap sa City of Vancouver Green Bin
Mga ceramic Glassware Mga muling nagagamit na travel mug	Mga papel na cup at lalagyan na may coating na plastic Matitigas na plastic cup na may plastic na takip	SA KASALUKUYAN AY WALANG KAPALIT NA MAKO-COMPOST

MGA SHOPPING BAG

MULING MAGAGAMIT	NARERESIKLO Tinatanggap sa programa ng Recycle BC sa residential recycling program	MAKO-COMPOST Tinatanggap sa City of Vancouver Green Bin
 Cotton, canvas at mga string bag  Mga jute at burlap bag  Nylon at polyester  Niresiklong polyethylene terephthalate (PET)  Woven at non-woven na polypropylene (PP)	 Mga papel na bag na may papel o fiber na hawakan	SA KASALUKUYAN AY WALANG KAPALIT NA MAKO-COMPOST

Pagkuha ng Mga Reusable na Shopping Bag: Inaatas ng by-law na ang mga muling magagamit na shopping bag ay dinesenyo at minanufacture na kayanin ang 100 beses man lang na paggamit at pangunahing gawa sa tela.

Pagkuha ng Mga Papel na Shopping Bag: Ang mga papel na shopping bag ay dapat maglaman ng 40% man lang ng niresiklong papel na laman. Pag-isipang pumili ng mga papel na shopping bag na mas may mataas na lamang niresiklong nilalaman.

Gawing nareresiklo ang mga bag hangga't posible:

- iwasan ang mga plastic window, plastic layer, waxed paper, at maraming tinta
- pumili ng papel o mga fibre handle sa halip na lubid, chord o ribbon

Siguruhin na ang mga bag ay may label sa labas ng mga salitang “Recyclable” at ang dami ng mareresiklong nilalaman.

PAGPAPATUPAD

Dahil sa nakakapinsalang mga pangyayari ng COVID-19, inuuna ng mga kawani ng Lungsod ang pakikipag-ugnay at edukasyon upang matiyak na ang mga negosyo ay may suportang kailangan nila upang sumunod sa mga by-law para sa minsanang-gamit na item.

Kung makitang hindi sumusunod ang isang negosyo sa mga by-law para sa minsanang-gamit na item na ipinatutupad, ang unang pagkilos ng Lungsod ay tututok sa edukasyon, pakikipag-ugnay at suporta para tulungan silang sumunod.

Kasunod ng mga unang pang-edukasyong pagkilos na ito, maaaring magpatupad ng dagdag na antas ng pagpapatupad para matugunan ang mga hindi sumusunod na operator. Maaaring kasama sa pagpapatupad ang pagbibigay ng mga ticket, na may multang \$500 sa bawat paglabag, o higit na prosekusyon sa probinsiyal na korte na maaaring sumailalim sa maximum na multa na \$10,000 sa bawat paglabag. Ang patuloy na hindi pagsunod ay maaari ring magresulta sa pagsuspende ng lisensiya ng negosyo, o rekomendasyon para sa pagbawi ng lisensiya sa pagnenegosyo

Para sa mga pinakabagong update sa pagpapatupad, pumunta sa vancouver.ca/reduce-single-use

Mga By-law

Ang probisyon para sa \$500 multa ay nasa Ticket Offences By-law Num. 9360.

Ang mga serbisyong pagkain na kawanggawa ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga minsanang-gamit na item na may pagkain sa panahon ng COVID-19. Inaasahang magsimulang magtrabaho ang mga serbisyong pagkain na kawanggawa patungo sa pagsunod sa mga by-law sa sandaling maging posible ito.

PEDERAL NA REGULASYON NG MGA MINSANANG-GAMIT NA ITEM

Pinagtanggol ng Lungsod ang mga harmonized na regulasyon sa probinsiyal at pederal na lebel para mabawasan ang minsanang-gamit na mga item dahil ipinatupad natin ang ating istrategiya sa Pagbabawas ng Mga Minsanang-Gamit na Item noong 2018.

Inanunsiyo ng Pederal na pamahalaan ang intensiyon nilang iregula ang mga minsanang-gamit na item nang kasing aga ng 2021. Kung ipapagpatuloy ng Pederal na pamahalaan ang mga regulasyon nito, maaairng isaalang-alang ng Vancouver City Council kung paano maaapektuhan ng mga regulasyong ito ang mga by-law nito at baguhin ito.

Hanggang doon, ang mga may hawak ng lisensiya ng negosyo ng Vancouver ay inaatasang sumunod sa mga by-law ng Lungsod sa minsanang-gamit na item.

Para sa higit pang impormasyon sa pagkilos ng Pederal na pamahalaan sa mga minsanang-gamit na item, pumunta sa canada.ca/en/environment-climate-change/services/managing-reducing-waste/zero-plastic-waste.html



**SALAMAT SA LAHAT NG MGA NEGOSYO, KAWANGGAWA
AT MGA NOT-FOR-PROFIT NA NAGSASAGAWA NG MGA
HAKBANG PARA SUMUNOD SA MGA BY-LAW AT
AKTIBONG NAGTATRABAHO PARA MABAWASAN ANG
MGA MINSANANG-GAMIT NA ITEM AT KALAT SA
VANCOUVER.**

Para sa higit pang impormasyon:

Tawagan ang: 3-1-1 TTY 7-1-1

Pumunta sa: [Vancouver.ca/reduce-single-use](https://vancouver.ca/reduce-single-use)

致電 3-1-1

致电 3-1-1

ਪੰਜਾਬੀ 3-1-1

Hoi Chi Tiêt 3-1-1

Obtenga Información 3-1-1

Nilathala: Hulyo 2021